Ang Kabanal-banalang Trinidad – TAON A
Ex 34,4-6. 8-9; 2 Cor 13,11-13; Jn 3,16-18

*Mula sa pag-iisa ("ako lamang") tungo sa pakikipag-isa sa pagmamahal ng Kabanal-banalang Trinidad ("Ako at Ikaw").*

## PANIMULA

May isang lumang kuwento tungkol sa isang dalubhasang tagapagtayo na minsang hinilingan na gumawa ng malaking tulay sa ibabaw ng isang malalim na lambak. Sa unang araw ng paggawa ng proyekto, maagang dumating ang mga manggagawa at sabik nang magsimula. Ang ilan ay taga-sukat, ang iba nama'y taga-buhat ng mga kagamitan, at may ilan ding nag-uusap tungkol sa mga plano.

Ngunit ang dalubhasa ay tahimik lamang na nakatayo nang matagal. Sa wakas, may isang manggagawang nagtanong, "Bakit hindi pa tayo nagsisimula?"

Sumagot ang dalubhasa, "Hindi pa natin inaalala kung para kanino ang tulay na ito. Kapag nakalimutan natin iyon, makagagawa tayo ng isang matibay na bagay—ngunit hindi isang bagay na may tunay na kahulugan."

Pagkatapos noon, yumuko siya at nagdasal nang maikli bago inilatag ang unang bato.

Binago ng simpleng paghintong iyon ang lahat. Ang gawaing iyon ay hindi na lamang isang pagtatayo ng tulay—ito'y naging misyon, direksiyon, at may kahulugan.

Marahil—hindi man natin gaanong iniisip—muli nating sinimulan ang ating pagdiriwang ngayon sa pamamagitan ng Tanda ng Krus. Gayunman, sa simpleng kilos na ito, nandoon na ang buong misteryo ng ating pananampalataya.

Sa Ama, pinupuri natin ang Manlilikha ng langit at lupa, ng mga halaman, hayop, at tao. Sa Anak, kinikilala natin ang ating Kapatid, na nakibahagi sa ating buhay bilang tao sa lahat ng bagay maliban sa kasalanan. Sa Espiritu Santo, tinatanggap natin ang Tagapagtanggol, ang hininga ng Diyos, na nagpapaalala sa atin ng lahat ng ginawa ng Ama para sa atin sa pamamagitan ng Anak, at umaakay sa atin patungo sa kabuuan ng katotohanan.

Ngayong araw na ito, mas malalim tayong pumapasok sa misteryong ito: iisang Diyos—hindi malayo kundi malapit; hindi pagiging mag-isa kundi pakikipagkaisa; hindi katahimikan kundi pagmamahal na nagsasalita, nagbibigay, at umaakay sa atin tungo sa ugnayan.

Hilingin natin ang kapatawaran sa mga pagkakataong namuhay tayo na para sa sarili natin lamang, at nakalimutan nating ang ating buhay ay nagsisimula at nagtatapos sa ngalan ng Diyos.

## HOMILIYA:

Isang manlalakbay ang minsang nagkuwento tungkol sa isang matandang magsasaka na kaniyang nakilala sa gilid ng isang tahimik na nayon. Tuwing umaga, bago sumikat ang araw, tumatayo ang magsasaka sa tarangkahan ng kaniyang bukirin, inaalis niya ang kaniyang sombrero, at simpleng sinasabi: "Sa ngalan ng Diyos." Pagkatapos noon ay saka pa lamang siya magsisimulang magtrabaho.

Isang araw, tinanong siya ng manlalakbay, “Bakit po ninyo sinasabi iyon tuwing umaga?”

Ngumiti ang magsasaka at sumagot, “Sapagkat ang bukirin ay hindi lamang akin, ang araw na ito ay hindi lamang akin, at maging ang lakas ko ay hindi lamang akin. Kapag nagsisimula ako sa Kaniyang pangalan, naaalala ko kung kaninong buhay ang aking isinasabuhay.”

Ang simpleng katagang iyon—“Sa ngalan ng Diyos”—ang ating pinagmumulan ngayong araw. Sapagkat tuwing tayo’y nagtitipon, tuwing tayo’y nananalangin, nagsisimula tayo sa parehong mga salita:

“Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.”

Madalas natin itong sabihin kaya minsan ay nagiging karaniwan na lamang. Ngunit sa ilang salitang iyon, tayo’y nakatayo sa harap ng pinakadakilang misteryo ng ating pananampalataya: ang Kabanal-banalang Trinidad.

Isang batang seminarista ang minsang nagbahagi ng isang nakaaaliw na kuwento. Sa isang salo-salo sa monasteryo, nakasalo niya ang tatlong matatandang monghe na pawang mahina na ang pandinig. Mukhang masigla at masaya ang kanilang usapan—ngunit pagkalipas ng ilang sandali, napansin niya ang isang kakaibang bagay: bawat monghe ay nagsasalita tungkol sa magkakaibang paksa. Gayunman, pakiramdam ng bawat isa ay naiintindihan siya!

Kalaunan ay nagtawanan sila nang mapagtanto nilang hindi pala iisa ang kanilang pinag-uusapan.

Sa isang banda, ganiyan din tayo madalas magsalita tungkol sa Diyos. Ginagamit natin ang parehong salita—“Diyos”—ngunit ano nga ba talaga ang ibig nating sabihin? Kaya ba nating Siyang lubos na maunawaan?

Minsan ay nagtanong ang isang bata sa kaniyang katekista, “Paano magiging tatlo at iisa ang Diyos sa parehong panahon?” Sinubukan ng katekista ang maraming paraan upang ipaliwanag ito…ngunit sa huli ay inamin niya, “Sa bandang huli, ito ay isang misteryo.”

At mahalaga ang katapatang iyon. Sapagkat kung lubos nating mauunawaan ang Diyos, hindi na Siya magiging Diyos.

Nauunawaan ito nang mabuti ni San Agustin. Habang naglalakad siya sa tabing-dagat at sinusubukang maunawaan ang Trinidad, may nakita siyang isang batang nagsasalin ng tubig-dagat sa maliit na butas sa buhangin. “Imposible iyan,” sabi ni Agustin. At sumagot ang bata, “Gayon din ang pagsisiksik sa Diyos sa iyong isipan.”

Tulad tayo ng batang iyon. Hindi natin kayang ilagay ang buong karagatan sa isang timba. Hindi natin kayang lubos na maunawaan ang Diyos.

At gayun pa man—ito ang magandang bahagi—hindi tayo iniwan sa kadiliman.

Lumapit ang Diyos sa atin.

Tulad ng isang matandang ama na tumatanggap ng mga liham mula sa kaniyang mga anak bawat linggo—mga simpleng salita ngunit puno ng pagmamahal—gayon din “sumulat” ang Diyos sa atin, hindi sa pamamagitan ng tinta, kundi sa pamamagitan ng Kaniyang Anak. Sa pamamagitan ni Hesukristo, nangungusap ang Diyos sa atin. Ipinakikita Niya kung sino Siya.

At ano ang Kaniyang ipinahahayag?

Hindi isang malayong puwersa. Hindi isang nag-iisang kapangyarihan.

Kundi isang nagkakaisang pag-ibig: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Marahil ang pinakasimpleng paraan upang maunawaan ang Trinidad ay hindi sa pamamagitan ng mga kahulugan, kundi sa pamamagitan ng karanasan.

Isipin ninyo ang hangin. Hindi ninyo ito nakikita, ngunit nakikita ninyo ang epekto nito—ang paggalaw ng mga puno, ang pagkaluskos ng mga dahon, ang simoy sa inyong mukha.

Ganiyan din ang Diyos.

Maaaring hindi natin Siya direktang nakikita, ngunit nararanasan natin Siya:

- Bilang Ama—nasa ibabaw natin, nagbibigay ng buhay.
- Bilang Anak—kasama natin, lumalakad sa ating landas.
- Bilang Espiritu Santo—nasa loob natin, nagbibigay ng lakas.

May isang batang minsang nakahiga sa gabi, takot na takot sa dilim. Bawat anino ay tila nakakatakot. Ngunit dumating ang kaniyang ama, umupo siya sa tabi niya, at nagsabing, "Narito ako." Hindi nawala ang kadiliman—ngunit nawala ang kanyang takot.

Iyan ang kahulugan ng paniniwala sa Diyos Ama.

At kay Hesus, ang Anak, ang Diyos ay hindi lamang nasa ibabaw natin—Siya ay kasama natin. Tulad ng mga alagad sa daan patungong Emmaus, maaaring hindi natin Siya agad nakikilala, ngunit kasama natin Siyang naglalakad sa ating mga kagalakan at pakikibaka.

At ang Espiritu Santo? Siya ang Diyos na nananahan sa loob natin.

Naaalala ko ang isang maliit na parokya na puno ng tensyon at panghihina ng loob. Ang mga tao ay nagtatalo, lumalayo sa isa't isa, at nawawalan ng pag-asa. Ngunit may ilan na nagsimulang manalangin nang sama-sama, makinig sa isa't isa, at magpatawad. Unti-unti, may nagbago. Nagkaroon ng bagong buhay at bagong kagalakan.

Iyan ang tahimik na gawain ng Espiritu Santo.

Ngunit mayroon ding isa pang "Trinidad" na madalas nating sinusunod. Maaari natin itong tawaging "pinabilis na Trinidad":

**ako, lahat, ngayon.**

May isang negosyanteng nagsabi minsan, "Nakamit ko ang lahat—tagumpay, kayamanan, pagkilala. Ngunit isang gabi, napagtanto kong wala pala akong pwedeng pag-saluhan nito. Ginugol ko ang aking buhay sa pagsasabing 'ako muna,' at ngayon ako na lamang nag-iisa."

Iyan ang kabaligtaran ng Diyos.

Ang Diyos ay hindi pagkakabukod—ang Diyos ay pakikipag-ugnayan.

Ang Diyos ay hindi pagiging makasarili—ang Diyos ay pagmamahal na handang magbigay ng sarili.

Inilarawan pa nga ng mga sinaunang Kristiyano ang Trinidad bilang isang banal na "sayaw"—Ama, Anak, at Espiritu Santo sa walang hanggang paggalaw ng pagbibigay at pagtanggap ng pagmamahal. At ang "sayaw" na ito ay hindi sarado. Ito ay bukás. Inaanyayahan tayo nitong makibahagi.

Kaya naman ang Trinidad ay hindi lamang isang bagay na dapat paniwalaan—ito ay isang bagay din na dapat isabuhay.

Minsang sinabi ni Martin Buber, “Ang lahat ng tunay na buhay ay pakikipagtagpo.” Nagiging tunay tayo sa ating mga sarili hindi sa pagkukulong sa sarili natin, kundi sa pagbubukas natin ng ating sarili para sa iba.

Isipin ninyo ang isang inang magdamag na nagbabantay sa tabi ng kaniyang maysakit na anak. Walang gantimpala, walang pagkilala—ngunit sa sandaling iyon, isinasabuhay niya ang mismong buhay ng Diyos.

O isipin ninyo ang dalawang tao sa isang parokya na hindi nag-usap sa loob ng maraming taon. Nang hilingin na sila ay magtulungan, nag-umpisa sila nang may pag-aatubili. Ngunit unti-unti, sa pamamagitan ng pakikinig at maliliit, mga simpleng pagkilos, may nagbago. Sa huli, sinabi ng isa, “Nagsimula kami biland magkalaban, ngunit nagtapos kami bilang magkapatid.”

Iyan ang gawain ng Trinidad.

Biyaya, pagmamahal, pakikipagkaisa—hindi lamang ito teolohiya. Isa itong paraan ng pamumuhay.

At nahahawakan natin ang misteryong ito araw-araw, kadalasan nang hindi natin namamalayan.

Tuwing tayo’y nag-aantanda ng krus.

May isang inang gabi-gabing gumuguhit ng tanda ng krus sa noo ng kaniyang anak bago ito matulog. Hindi nauunawaan ng bata ang teolohiya. Ngunit isang bagay ang alam niya: “Ako ay minamahal. Ako ay ligtas.”

Makalipas ang maraming taon, nang siya’y matanda na at humaharap sa mga pagsubok, sinabi niya, “Kapag pakiramdam ko’y nawawala ako, nag-aantanda ako ng krus—at nalalaman kong hindi ako nag-iisa.”

Sapagkat sa simpleng kilos na iyon, nasasabi natin ang lahat:

Sa ngalan ng Ama—na lumikha at nag-iingat sa atin.

At ng Anak—na kasama nating lumalakbay.

At ng Espiritu Santo—na nananahan sa loob natin.

May isa pang huling kuwento.

Isang matandang babae ang tahimik na nakaupo tuwing gabi sa tabi ng kaniyang bintana, tumitingala sa langit, at nagsasabing, “Dakilang Diyos, pinupuri Kita.” Minsan ay may nagtanong sa kaniya, “Nauunawaan mo ba ang lahat tungkol sa Diyos?”

Ngumiti siya at sumagot, “Hindi. Ngunit sapat na ang naranasan kong pagmamahal Niya upang Siya’y purihin.”

Iyan ang puso ng kapistahang ito.

Hindi natin kailangang maunawaan ang lahat.

Hindi tayo hinihingang lutasin ang misteryo.

Inaanyayahan tayong isabuhay ito.

Kaya marahil bukas ng umaga, tulad ng matandang magsasaka, maaari tayong huminto sandali at magsabi, “Sa ngalan ng Diyos.” At tunay itong damhin.

Sapagkat sa huli, ang misteryo ng Kabanal-banalang Trinidad ay hindi isang suliraning dapat lutasin, kundi isang buhay na dapat isabuhay—isang buhay ng pagmamahal.

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth**